

Kabanata 11

Ang Bautismo sa Espiritu Santo (The Baptism in the Holy Spirit)

Habang binabasa ang aklat ng Mga Gawa, makikita sa bawa't pahina ang gawain ng Espiritu Santo sa sinaunang iglesia. Kung aalisin mo ang gawain ng Espiritu Santo sa aklat ng Mga Gawa, halos wala nang matitira. Tunay na binigyang-kapangyarihan Niya ang unang alagad upang "ikutin ang mundo" (tingnan ang Gw. 17:6, KJV).

Ang mga lugar sa mundo ngayon kung saan lumalago ang iglesia ay mga lugar na sinusunod at binibigyang-kapangyarihan ng Espiritu Santo ang mga tagasunod ni Cristo. Hindi natin ito dapat pagtakhan. Makagagawa ang Espiritu Santo sa loob ng sampung segundo nang higit sa magagawa natin sa sampung libong taon sa ating sariling pagsisikap. Kaya napakahalagang maintindihan ng ministrong tagalikha-ng-alagad ang itinuturo ng Biblia tungkol sa gawain ng Espiritu Santo sa mga buhay at ministeryo ng mga mananampalataya.

Sa aklat ng Mga Gawa, madalas nating makita ang mga halimbawa ng mananampalatayang nababautismuhan ng Espiritu Santo at nabibigyang-kapangyarihan para sa ministeryo. Mahusay na pag-aralan natin ang paksa upang, kung maaari, maranasan natin at matuwa sa milagrosong tulong ng Espiritu Santo na naranasan nila. Bagama't tinitiyak ng iba na ang ganitong gawain ng Espiritu Santo ay naiwan sa panahon ng mga orihinal na alagad, wala akong makitang katiyakan sa Biblia, sa kasaysayan o lohika para suportahan ang ganitong opinyon. Ito'y isang teoryang sumilang dahil sa di-paniniwala. Ang mga nananampalataya sa pangako ng Salita ng Diyos ay makararanas ng ipinangakong pagpapala. Tulad ng mga di-naniniwalang mga taga-Israel na nabigong pumasok sa Ipinangakong Lupain, ang mga hindi naniniwala sa pangako ng Diyos ngayon ay mabibigong pumasok sa lahat ng inihanda ng Diyos sa kanila. Saan kang kategorya? Ang sa akin, kasama ako sa mga nananampalataya.

Dalawang Gawain ng Espiritu Santo (Two Works of the Holy Spirit)

Bawa't taong tunay na nanampalataya sa Panginoong Jesus ay nakaranas ng gawain ng Espiritu Santo sa kanyang buhay. Ang panloob na katauhan, o espiritu, ay napabago ng Espiritu Santo (tingnan ang Tito 3:5), at nananahan na ngayon sa kanya ang Espiritu Santo (tingnan ang Ro. 8:9; 1 Cor. 6:19). "Naipanganak siya sa Espiritu" (Jn. 3:5).

Dahil hindi naiintindihan ito, maraming Charismatic at Pentecostal na Cristiano ay nagkamali sa pagsasabi sa ilang mananampalataya na hindi nila taglay ang Espiritu Santo hangga't hindi sila nabautismuhan sa Espiritu Santo at nakapagsalita ng maraming wika. Nguni't ang pagkakamaling ito ay malinaw sa Biblia at sa ating karanasan. Maraming hindi Charismatic/Pentecostal na mananampalataya ay mayroong pagpapakita ng pananahan ng Espiritu kaysa ilang Charismatic/Pentecostal na mananampalataya! Ipinakikita nila ang higit pa sa mga bunga ng Espiritu na itinala ni Pablo sa Galacia 5:22-23, bagay na imposibleng taglayin kung wala sa kanila ang pananahan ng Espiritu Santo.

Nguni't dahil lamang sa *ipinanganak* ang isang tao sa Espiritu, ay hindi nangangahulugan na *nabautismuhan* din siya ng Espiritu Santo. Ayon sa Biblia, ang pagkapanganak sa Espiritu Santo at pagkabautismo sa Espiritu Santo are karaniwang dalawang magkahiwalay na kanarasan.

Habang inuumpisahan nating tingnan ang paksa, uunawain muna natin ang minsan ay sinabi ni Jesus tungkol sa Espiritu Santo sa isang babaing di-ligtas sa isang balon sa Samaria:

Kung alam mo lamang ang kaloob ng Diyos, at kung sino itong humihingi sa iyo ng inumin, ikaw ang hihingi sa Kanya at bibigyan ka naman Niya ng tubig na nagbibigay-buhay....Ang bawa't umiinom ng tubig na ito'y muling mauuhaw, nguni't ang sinumang uminom ng tubig na ibibigay Ko sa kanya ay hindi na muling mauuhaw kailanman. Ang tubig na ibibigay ko ay magiging batis sa loob niya, at patuloy na bubukal at magbibigay sa kanya ng buhay na walang (Jn. 4:10, 13-14).

Mukhang makatwiran na ipagpalagay na ang nananahanag buhay na tubig na tinukoy ni Jesus ay sumasagisag sa Espiritu Santo na nananahan sa mga nananampalataya. Sa susunod na mga pahina ng Magandang balita ni Juan, ginamit din ni Jesus ang parehong parirala, "buhay na tubig," at walang dudang tinutukoy Niya ang Espiritu Santo:

Sa kahuli-hulihan at pinakatanging araw ng pista, tumayo si Jesus at nagsalita nang malakas, “Kayong mga nauuhaw ay lumapit sa Akin, at ang lahat ng nananalig sa Akin ay uminom. Sapagka’t sinasabi sa kasulatan, ‘Mula sa puso ng nananalig sa Akin ay dadaloy ang tubig na nagbibigay-buhay.’” Ang *tinutukoy Niya’y ang Espiritung* tatanggapin ng mga sumasampalataya sa Kanya. Sapagka’t hindi pa naipagkakaloob noon ang Espiritu dahil si Jesus ay hindi pa muling nabuhay at niluwalhati. (Jn. 7:37-39, idinagdag ang pagdidiin).

Sa pagkakataong ito ay hindi sinabi ni Jesus ang tungkol sa buhay na tubig na nagiging “balong ng tubig na nagbibigay ng buhay na walang hanggan.” Bagkus, ngayon ang buhay na tubig ay *tubig na nagbibigay-buhay* na dadaloy mula sa puso.

Ang dalawang magkatulad na pahayag sa Magandang balita ni Juan ay nagpapakita ng kaibahan ng pagkapanganak sa Espiritu at pagkabautismo sa Espiritu Santo. Ang pagkapanganak sa Espiritu ay nangungunang para sa benepisyo ng taong napanganak muli, upang magkaroon siya ng buhay na walang hanggan. Kapag ang isang tao ay napanganak muli sa Espiritu, may pagkukunan siyang Espiritu sa kanyang katauhan na nagbibigay sa kanya ng buhay na walang hanggan.

Nguni’t ang pagkabautismo sa Espiritu Santoy ay pangunahing para sa iba, dahil binibigyang-kakayahan ang mga nananampalataya upang maglingkod sa ibang tao sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu. Dadaloy ang mga “Ilog ng buhay na tubig” mula sa kanilang mga puso, dinadala ang pagpapala ng Diyos sa iba sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu.

Kung Bakit Kailangan ang Pagbabautismo sa Espiritu Santo (Why the Baptism in the Holy Spirit is Needed)

Kailangang-kailangan natin ang tulong ng Espiritu Santo upang maglingkod sa iba! Kung wala ang kanilang tulong, hindi tayo makakaasang lumikha ng alagad sa lahat ng bansa. Katunayan, iyan ang pinakadahilan ng pagpapangako ni Jesus na bautismuhan ang mga mananampalataya sa Espiritu Santo—upang marinig ng mundo ang magandang balita.

Sinabi Niya sa alagad:

Tandaan ninyo, isusugo ko sa inyo ang aking Ama, kaya't huwag kayong aalis sa Jerusalem hangga't hindi kayo *napagkakalooban ng kapangyarihang* mula sa langit” (Lu. 24:49, idinagdag ang pagdidiin).

Itinatala rin ni Lucas ang sinabi ni Jesus:

Ang mga panahon at pagkakataon ay itinakda ng Ama sa Kanyang sariling kapangyarihan, at hindi na kailangan pang malaman ninyo kung kailan iyon. Subali't *tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo*, at kayo'y magiging mga saksi Ko sa Jerusalem, sa buong Judea at sa Samaria, at hanggang sa dulo ng daidig (Gw. 1:7-8, idinagdag ang pagdidiin).

Sinabi ni Jesus sa Kanyang alagad na huwag aalis sa Jerusalem hangga't hindi sila “nakatanggap ng kapangyarihan mula sa itaas.” Alam Niyang kung hindi dahil doon, wala silang kapangyarihan at siguradong mabibigo sa gawaing ibinigay Niya sa kanila. Subali't pansinin natin na nang mabigyan na sila ng Espiritu Santo, nagsimula nang gamitin sila ng Diyos upang milagrosong ikalat ang magandang balita.

Milyun-milyong mga Cristiano sa buong mundo, pagkatapos mabautismuan ng Espiritu Santo, ay nakaranas ng bagong dimensyon ng kapangyarihan, lalo na kung nagpapatotoo sa mga di-ligtas. Nalaman nila na higit na makapangyarihan ang kanilang mga salita, at kung minsan ay nakapagsasabi ng mga pahayag sa Biblia na hindi nila napagtantong alam pala nila. Ang ilan ay nahahanap ang kanilang tawag at nalalamang may kakayahan pala sila sa isang ministeryo, tulad ng Ebanghelismo. Ang iba ay nakatuklas na ginamit sila ng Diyos ayon sa Kanyang kalooban sa iba-ibang kakayahan ng Espiritu. Talagang bibliikal ang kanilang karanasan. Ang mga lumalaban sa kanilang karanasan ay walang batayan. Katunayan, nilalaban nila ang Diyos.

Hindi natin dapat pagtakhan na tayong natawag na tumulad kay Cristo ay natawag upang tularan ang Kanyang karanasan sa Espiritu Santo. Siyempre, ipinanganak Siya sa Espiritu nang dalhin Siya ni Maria sa kanyang sinapupunan (tingnan ang Mt.1:20). Siya na

ipinanganak sa Espiritu ay nabautismuhan sa Espiritu bago pinasinayaan ang Kanyang ministryo (tingnan ang Mt. 3:16). Kung kinailangan ni Jesus na mabautismuhan sa Espiritu Santo upang bigyang-kakayahan Siya sa Kanyang ministryo, tayo pa kaya?

Ang Unang Ebidensya ng Pagkabautismo sa Espiritu (Ang Initial Evidence of the Baptism in the Spirit)

Kapag ang mananampalataya ay nabautismuhan sa Espiritu Santo, ang unang ebidensya ay magsasalita siya sa isang bagong wika, ang sinasabi ni Biblia na “bagong wika” o “ibang wika.” Maraming pahayag sa Biblia ang magpapatunay nito. Tunghayan natin.

Una, noong mga huling sandali bago Siya umakyat sa langit, sinabi ni Jesus na isa sa mga tanda na susunod sa mga mananampalataya ay ang pagsasalita nila sa bagong wika:

Habang kayo’y humahayo sa buong mundo, ay ipangaral ninyo sa lahat ng tao sa buong mundo ang Magandang Balita. Ang sinumang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas, nguni’t ang ayaw sumampalataya ay paparusahan. Ang mga sumasampalataya ay bibigyan ng kapangyarihang gumawa ng mga himala: sa pangalan Ko’y magpapalayas sila ng mga demonyo at *magsasalita sila ng iba’t ibang wika* (Mc. 16:15-17, idinagdag ang pagdidiin).

Inihahayag ng ilang nagkokomentaryo na ang mga bersong ito’y wala dapat sa ating Biblia dahil hindi sila kasama sa ilang manuskrito ng Bagong Tipan. Subali’t nakasama sila sa marami sa mga sinaunang manuskrito, at walang nagtanggap sa kanila sa maraming Ingles na salin na nabasa ko. Sa kabila niyan, ang sinabi ni Jesus sa mga bersong ito ay lubhang umuugnay sa karanasan ng sinaunang iglesia na nakatala sa libro ng Mga Gawa.

May limang halimbawa sa libro ng Mga Gawa ng pagkabautismo ng mga mananampalataya sa Espiritu Santo. Tunghayan natin ang lima, at habang ginagawa natin ito, lagi nating isaisip ang dalawang katanungan: (1) Ang pagbabautismo ba sa Espiritu Santo ay karanasang sumunod sa kaligtasan? At (2) Ang mga nakatanggap ba ay nagsalita sa bagong wika? Matutulungan tayo nito upang intindihin ang kalooban ng Diyos sa mga mananampalataya ngayon?

Jerusalem

Ang unang halimbawa ay matatagpuan sa Gawa 2, nang ang isang daan at dalawampung alagad ay nabautismuhan ng Espiritu Santo sa araw ng Pentecostes:

Nagkakatipon silang lahat sa isang lugar nang sumapit ang araw ng Pentecostes.

Walang anu-ano'y may ingay na nagmula sa langit, na tulad ng ugong ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. May nakita silang parang mga dilang apoy na dumapo sa baba't isa sa kanila, *at silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita sa iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu* (Gw. 2:1-4, idinagdag ang pagdidiin).

Walang dudang ang isang daan at dalawampung mananampalataya ay ligtas at napanganak nang muli bago ang panahong ito, kaya siguradong naranasan na nila ang mabautismuhan ng Espiritu Santo pagkatapos ng kaligtasan. Subali't imposibleng bago ang panahong ito ay nabautismuhan na sila sa Espiritu Santo dahil ang Espiritu Santo ay hindi pa naibibigay sa iglesia hanggang sa araw na iyon.

Malinaw na ang kasamang tanda ay ang pagsasalita sa ibang wika.

Ang pangalawang halimbawa ng mga mananampalatayang nabautismuhan sa Espiritu Santo ay makikita sa Gawa 8, nang pumunta si Felipe sa lunsod ng Samaria at nangaral doon ng magandang balita:

Nguni't nang ipangaral ni Felipe ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos at tungkol kay Jesu-Cristo, sumampalataya at nagpabautismo ang mga lalaki't babae.

Pati si Simon ay sumampalataya rin, at nang mabautismuhan ay patuloy siyang sumama kay Felipe. Humanga si Simon nang makita niya ang mga himala. Nang mabalitaan ng mga apostol sa Jerusalem na tinanggap ng mga Samaritano ang salita ng Diyos, isinugo nila roon sina Pedro at Juan. Pagdating doon, ipinanalangin ng dalawang apostol ang mga Samaritano upang sila'y tumanggap din ng Espiritu Santo,

sapagka't hindi pa ito bumababa sa kaninuman sa kanila. Sila'y nabautismuhan pa lamang sa pangalan ng Panginoong Jesus (Gw. 8:12-16).

Ang mga Samaritanong Cristiano ay malinaw na nakaranas ng bautismo sa Espiritu Santo bilang pangalawang karanasan pagkatapos ng kaligtasan. Tapat na inihahayag ng Diyos na bago dumating sina Pedro at Juan, ang mga Samaritano ay “nakatanggap ng salita ng Diyos,” naniwala sa magandang balita, at nabautismuhan ng tubig. Nguni't nang dumating sina Pedro at Juan upang ipanalangin sila, sinasabi ng Kasulatan na “ito'y upang matanggap nila ang Espiritu Santo.” Paano pa ito higit na liliwanag?

Nagsalita ba ng ibang wika ang mga mananampalatayang Samaritano nang mabautismuhan sila sa Espiritu Santo? Hindi sinasabi ng Biblia, nguni't sinasabi nito na isang kamangha-manghang bagay ang nangyari sa kanila. Nang ang isang nagngangalang Simon ang nakakita sa nangyari nang ipatong nila ang kanilang kamay sa mga Cristianong Samaritano, sinubukan niyang bilhin sa kanila ang tulad ng kakayahang magbigay ng Espiritu Santo:

Ipinatong nina Pedro at Juan ang kanilang kamay sa mga Samaritano at tumanggap ang mga ito ng Espiritu Santo. Nakita ni Simon na ang Espiritu'y ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng kamay ng mga apostol, kaya't inalok niya ng salapi sina Pedro at Juan. “Bigyan ninyo ako ng kapangyarihang ito upang ang sinumang patungan ko ng kamay ay tumanggap din ng Espiritu Santo” (Gw. 8:17-19).

Ano ang nakita niya dito na ikinamangha niya? Nakakita na siya ng maraming milagro, tulad ng mga taong naalisan ng demonyo at ang mga paralisado at pilay na milagrong napaghihilom (tingnan ang Gw. 8:6-7). Siya mismo ay napasama noon sa isang kultong mahika, tinitinag ang lahat ng tao ng Samaria (tingnan ang Gw. 8:9-10). Dahil dito, marahil ay lubhang kagila-gilalas ang nakita niya nang manalangin sina Pedro at Juan. Bagama't hindi tayo nakasisiguro, lubhang makatwiran na isiping nakita niya ang parehong penomena na nangyayari kapag natatanggap ng mga Cristiano ang Espiritu Santo na nababanggit sa libro ng Mga Gawa—nakita at narinig niya ang mga ito na nagsasalita sa ibang wika.

Si Saul sa Damasco (Saul in Damascus)

Ang pangatlong banggit sa libro ng Mga Gawa ng tumatanggap ng Espiritu Santo ay ang kaso ni Saulo ng Tarsus, na pagkatapos ay tinawag na apostol Pablo. Nailigtas siya sa kalye patungong Damasco, kung saan pansamantalang nabulag siya. Tatlong araw pagkatapos niyang mapabago, isang taong nanggagalang Ananias ay milagrang naipadala sa kanya:

Puimunta nga si Ananias sa naturang bahay, at ipinatong ang kanyang kamay kay Saulo. Sabi niya, “Kapatid na Saulo, pinapunta ako rito ng Panginoong Jesus na nagpakita sa iyo sa daan nang ikaw ay papunta rito. Isinugo niya ako upang muli kang makakita at upang mapuspos ka ng Espiritu Santo.” Noon di’y may nalaglag na tila mga kaliskis mula sa mga mata ni Saulo at nakakita na siyang muli. Tumayo siya at nagpabautismo (Gw. 7-18).

Walang dudang naipanganak muli si Saulo bago dumating si Ananias para ipanalangin siya. Nanampalataya siya sa Panginoong Jesus nang nasa kalye siya patungong Damasco, at agad niyang sinunod ang turo ng kanyang bagong Panginoon. Dagdag pa, nang unang makilala ni Ananias si Saulo, tinawag niya siyang “*kapatid* na Saulo.” Pansinin na sinabi ni Ananias kay Saulo na dumating siya upang makakita siyang muli *at* mapuno ng Espiritu Santo. Kaya para kay Saulo, mapuno ng, o mabautismuhan sa, Espiritu Santo ay nangyari tatlong araw pagkatapos ng kanyang kaligtasan.

Hindi itinala ng Biblia ang aktwal na insidente ng pagpapabautismo sa Espiritu Santo, subali’t maaaring nangyari ito pagkadating ni Ananias sa tinitirhan ni Saulo. Walang dudang nagsalita si Saulo ng ibang wika sa isang pagkakataon, dahil pagkatapos ay inihayag niya sa 1 Corinto 14:18, “Nagpapasalamat ako sa Diyos sapagka’t ako’y nakapagsasalita sa iba’t ibang mga wika, higit kaysa sa inyong lahat.”

Caesarea

Ang pang-apat na banggit sa mananampalatayang nabautismuhan sa Espiritu Santo ay makikita sa Gawa 10. Ang apostol Pedro ay banal na naisugo upang mangaral ng

magandang balita sa Caesarea sa mag-anak ni Cornelio. Pagkabunyag ni Pedro na ang kaligtasan ay natatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesus, ang buong tagapakinig niyang Hentil ay agad tumugon sa pananampalataya, at bumaba sa kanila ang Espiritu Santo:

Nagsasalita pa si Pedro, nang bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng mga nakikinig. Namangha ang mga mananampalatayang Judio na kasama ni Pedro sapagka't ang Espiritu Santo ay ipinagkaloob din sa mga Hentil. Narinig nila ang mga ito na nagsasalita sa iba't ibang wika at nagpupuri sa Diyos. Kaya't sinabi ni Pedro, "Tulad natin, sila'y pinagkalooban din ng Espiritu Santo. Sino ang makakapagbawal na bautismuhan sila sa tubig?" At iniutos niyang bautismuhan sila sa pangalan ni Jesu-Cristo (Gw. 10:44-48a).

Sa kasong ito, mukhang ang mga miyembro ng pamilya ni Cornelio, na naging unang Hentil na mananampalataya ni Jesus, ay naipanganak muli at sama-samang nabautismuhan ng Espiritu Santo.

Kung titingnan natin ang mga nakapaligid na berso ng bibliya at pag-aralan ang kontekstong historikal, malinaw kung bakit hindi hinintay ng Diyos si Pedro at mga kasama niyang mananampalataya upang ipatong ang kanilang kamay sa mga mananampalatayang Hentil upang tanggapin ang Espiritu Santo. Nahirapan sina Pedro at ang ibang mananampalatayang Judio na maliligtas pa ang mga Hentil, at tumanggap ng Espiritu Santo! Malamang na hindi nila ipinanalangin ang kabahayan ni Cornelio upang tanggapin ang Espiritu Santo, kaya makapangyarihang kumilos ang Diyos. Tinuturuan ng Diyos si Pedro at ang kanyang mga kasama tungkol sa Kanyang kahanga-hangang pagpapala sa mga Hentil. Ano ang nangumbinsi kina Pedro at ibang mananampalatayang Judio na ang mag-anak ni Cornelio ay tunay na nakatanggap ng Espiritu Santo? Isinulat ni Lucas, "Narinig nila ang mga ito na nagsasalita sa iba't ibang wika" (Gw.10:46). Idineklara ni Pedro na natanggap ng mga Hentil ang Espiritu Santo tulad ng isang daan at dalawampu sa araw Pentecostes (tingnan ang 10:47).

Efeso

Ang panlimang banggit ng mga mananampalatayang nababautismuhan sa Espiritu Santo ay makikita sa Gawa 19. Habang naglalakbay sa Efeso, nasalubong ni apostol Pablo ang ilang alagad at tinanong niya sila: “Tinanggap ba ninyo ang Espiritu Santo nang kayo’y nanampalataya?” (Gw. 19:2).

Malinaw na pinaniwalaan ni Pablo, ang taong sumulat ng karamihan sa mga sulat sa Bagong Tipan, na maaaring manampalataya kay Jesus at sa ilang pang-unawa ay hindi makatanggap ng Espiritu Santo. Kung hindi ay hindi sana niya tinanong iyon.

Sumagot ang mga tao na hindi nila alam ang Espiritu Santo. Katunayan ay nalaman lang nila ang pagdating ng Messiah kay Juan na Tagapagbautismo, na siyang nagbautismo sa kanila. Agad silang binautismuhan ni Pablo sa tubig, at sa pagkakataong ito, naranasan nila ang tunay na bautismong Cristiano. Sa katapusan ay ipinatong ni Pablo ang kanyang kamay sa kanila upang matanggap nila ang Espiritu Santo:

Nang marinig nila iyon, nagpabautismo sila sa pangalan ng Panginoong Jesus. Nang ipatong ni Pablo ang kanyang kamay sa kanila, bumaba ang Espiritu Santo at sila’y nagsalita ng iba’t ibang wika at nagpahayag ng mensaheng mula sa Diyos. Humigit-kumulang sa labindalawang lalaki ang nagpabautismo (Gw.19:5-7).

Muli, malinaw na ang bautismo sa Espiritu Santo ay susunod sa kaligtasan, at hindi mahalaga kung ang labindalawang taong ito ay naipanganak muli o hindi bago nila nakita si Pablo. Mulí, minsan pa, ang tandang kasama ng pagkabautismo nila sa Espiritu Santo ay ang pagsasalita sa iba’t ibang wika (at sa pagkakataong ito prepesiya).

Ang Hatol (The Verdict)

Repasuhin natin ang limang halimbawa. Sa hindi kukulang sa apat sa kanila, ang bautismo sa Espiritu Santo ay isang karanasang nangyari pagkatapos ng kaligtasan.

Sa tatlo sa kanila, tapat na inihahayag ng Biblia na ang mga nakatanggap ay nagsalita ng

ibang wika. Dagdag pa, sa pagkikita ni Pablo at Ananias, ang kanyang karanasan ng pagkabautismo sa Espiritu Santo ay hindi talaga inilarawan, nguni't alam natin na nang lumaon ay nagsalita siya sa ibang wika. Iyan ang nagsasagisag sa pang-apat na kaso.

Sa nalalabing kaso, isang bagay na hindi pangkaraniwan ang nangyari nang ang mga mananampalataya sa Samaria ay tumanggap ng Espiritu Santo dahil sinubukan ni Simon na bilhin ang kapangyarihan upang magpadala ng Espiritu Santo.

Kaya lubhang malinaw ang ebidensya. Sa sinaunang iglesia, tumanggap ng pangalawang karanasan ang mga mananampalataya kasama ng Espiritu Santo at nang naranasan nila iyon, nagsalita sila ng ibang wika. Hindi natin ito pagtatakan, dahil sinabi ni Jesus na ang mga mananampalataya sa Kanya ay magsasalita ng bagong wika.

Kaya may matibay tayong ebidensya na bawa't naipanganak muli ay dapat makaranas din ng iba pang gawain ng Espiritu Santo. Dagdag pa rito, bawa't mananampalataya ay dapat umasang magsalita ng ibang wika pagkatanggap ng bautismo sa Espiritu Santo.

Paano Tanggapin ang Bautismo sa Espiritu Santo (How to Receive the Baptism in the Holy Spirit)

Tulad ng lahat ng kaloob ng Diyos, ang Espiritu Santo ay tinatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya (tingnan ang Gal. 3:5). Upang magkaroon ng pananampalatayang tumanggap, ang isang mananampalataya ay dapat magtiwala na kalooban ito ng Diyos na siya ay mabautismuhan sa Espiritu Santo. Kung nagtataka siya o nagdududa, hindi siya makakatanggap (tingnan ang San. 1:6-7).

Walang mananampalataya ang mayroong magandang dahilan upang hindi paniwalaang kalooban ng Diyos na tanggapin niya ang Espiritu Santo, dahil tapat na inihayag ni Jesus ang kalooban ng Diyos sa bagay na ito :

Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit! Ibibigay Niya ang Espiritu Santo sa mga humihingi sa Kanya (Lu. 11:13).

Ang pangakong iyan mula sa bibig ni Jesus ay dapat mangumbinsi sa bawa't anak ng

Diyos na kalooban ng Diyos ang pagkatanggap niya ng Espiritu Santo.

Ang berso ding ito ang nagpapatibay sa katotohanan na ang pagkabautismo sa Espiritu Santo ay nangyayari pagkatapos ng kaligtasan, dahil dito ipinangako ni Jesus sa mga anak ng Diyos (at mga tao lamang na nagtuturing sa Diyos bilang “Ama sa langit”) na ibibigay sa kanila ng Diyos ang Espiritu Santo kung hihingin nila. Malinaw na kung ang tanging karanasan nila sa Espiritu Santo ay ang pagkapanganak muli sa sandali ng kaligtasan, ang pangako ni Jesus ay walang saysay. Hindi tulad ng ilang uri ng modernong teolohista, naniniwala si Jesus na akmang-akma para sa mga taong ipinanganak muli na hingin sa Diyos ang Espiritu Santo.

Ayon kay Jesus, may dalawang kundisyon lamang na dapat tuparin upang matanggap ang Espiritu Santo. Una, ang Diyos dapat ang iyong Ama. Pangalawa, kailangan mong hingin sa Kanya ang Espiritu Santo.

Bagama’t nasa Biblia ang pagtanggap ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpatong ng kamay (tingnan ang Gw. 8:17; 19:6), hindi ito totoong kailangan. Sinumang Cristiano ay makakatanggap ng Espiritu Santo sa sarili lamang niya sa kanyang sariling lugar ng panalangin. Kailangan lamang niyang hingin, tanggapin nang may pananampalataya, at magsimulang magsalita ng ibang wika habang binibigyan siya ng Espiritu ng pagbigkas.

Karaniwang Takot (Common Fears)

Ang ilang tao ay nag-aalala na kapag hiningi nila sa panalangin ang Espiritu Santo, bubuksan nila ang kanilang sarili sa demonyo. Nguni’t walang batayan sa alalahaning iyan. Ipinangako ni Jesus,

Kayong mga ama, bibigyan ba ninyo ng ahas ang inyong anak kung ito’y humihingi ng isda? Bibigyan ba ninyo siya ng alakdan kung siya’y humihingi ng itlog? Kung kayong masasama ay marunong magbigay ng mabubuting bagay sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama na nasa langit! Ibibigay Niya ang Espiritu Santo sa mga humihingi sa Kanya (Lu. 11:11-13).

Kung hingin natin ang Espiritu Santo, ibibigay sa atin ng Diyos ang Espiritu Santo, at

wala dapat tayong takot na tatanggap ng iba.

Nag-aalala ang iba na, kapag nagsalita sila ng ibang wika, sila lamang ang umiimbento ng walang katuturang wika sa halip na wikang ibinigay ng Espiritu Santo. Nguni't kung susubukan mong umimbento ng kapani-paniwalang wika bago ka mabautismuhan sa Espiritu Santo, makikita mong imposible iyan. Sa kabilang dako, dapat mong maintindihan na kung magsasalita ka ng ibang wika, kailangan mong sadyain na gamitin ang iyong bibig, dila at pambigkas. Hindi gagawin ng Espiritu Santo ang pagsasalita para sa iyo—bibigyan ka lang Niya ng pagbigkas. Siya ay *katulong* natin, hindi *tagagawa*. *Ikaw* ang dapat gumawa na pagsasalita, tulad ng itinuturo ng Biblia:

At *silang* lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita ng iba't ibang *wika ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu* (Gw. 2:4, idinagdag ang pagdidiin).

Nang ipatong ni Pablo ang kanyang kamay sa kanila, bumaba ang Espiritu Santo at *sila'y* nagsalita ng iba't ibang wika (Gw. 19:6, idinagdag ang pagdidiin).

Pagkatapos hingin ng isang mananampalataya ang kaloob ng Espiritu Santo, kailangan niyang manampalataya at umasang magsalita ng ibang wika. Dahil ang Espiritu Santo ay tinanggap nang may pananampalataya, ang tumanggap ay hindi dapat umasa na makaranas ng partikular na pakiramdam o pisikal na kaibahan. Tapat lang na buksan ang kanyang bibig at mga bagong tunog at pantig na bumubuo ng wikang ibinigay ng Espiritu Santo sa kanya. Hangga't hindi nag-uumpisang magsalita ang mananampalataya *nang may pananalig*, walang wika ang manggagaling sa kanyang bibig. *Siya* ang magsasalita, at ang Espiritu Santo ang magbibigay ng wika.

Ang Pinanggagalingan ng Wika (The Source of the Utterance)

Ayon kay Pablo, kapag ang isang mananampalataya ay nananalangin sa iba-ibang wika, hindi ang kanyang isip ang nananalangin kundi ang kanyang espiritu:

Kung nananalangin ako sa wikang iyan, nananalangin nga ang aking espiritu nguni't

walang pakinabang ang aking pag-iisip. Ano ang dapat kong gawin? Mananalangin ako sa pamamagitan ng aking espiritu, nguni't gagamitin ko rin ang aking pag-iisip sa aking pananalangin. Ako'y aawit sa pamamagitan ng espiritu, nguni't gagamitin ko rin ang aking pag-iisip sa aking pag-awit (1 Cor. 14:14-15).

Sinabi ni Pablo na kapag nananalangin siya sa ibang wika, hindi mabunga ang kanyang pag-iisip. Ibig sabihin ay walang ambag ang kanyang pag-iisip, at hindi niya naintindihan ang ipinapanalangin niya sa ibang wika. Kaya, sa halip na laging nananalangin na hindi naintindihan ang kanyang sinasabi, gumugol rin si Pablo ng panahon sa pananalangin gamit ang kanyang pag-iisip sa sariling wika. Gumugol siya ng panahon sa pag-awit sa ibang wika pati rin sa sarili niyang wika. May lugar para sa dalawang uri ng panalangin at pag-awit, at magaling na sundin natin ang balanseng halimbawa ni Pablo.

Pansinin din na para kay Pablo, ang pagsasalita sa ibang wika ay nakapaloob sa kanyang sariling kalooban tulad ng pagsasalita sa kanyang kilalang wika. Sabi niya, “Mananalangin *ako* sa pamamagitan ng aking espiritu, nguni't gagamitin *ko* rin ang aking pag-iisip sa aking pananalangin.” Laging inaangkin ng mga kritiko na kung ang pagsasalita ng mga modernong wika ay tunay na kaloob ng Espiritu, walang kontrol dito, at baka mahusgahang kinokontrol ng mananalita ang Diyos. Ngunit walang batayan ang ideang ito. Ang pagsasalita ng mga moderno at sinaunang wika ay kontrol ng isang indibidwal na siyang binalak ng Diyos. Masasabi pa rin ng mga kritiko na ang mga taong may kamay na *tunay* na ginawa ng Diyos ay walang kontrol sa kanilang mga kamay, at ang mga taong may kamalayang gumagawa ng desisyon upang gamitin ang kamay ay nagsisikap kontrolin ang Diyos.

Pag nabautismuhan ka na sa Espiritu Santo, madali mong mapatutunayan sa iyong sarili na ang iyong pagsasalita sa ibang wika ay nanggagaling sa iyong espiritu sa halip na sa iyong pag-iisip. Una, subukan mong makipag-usap sa iba habang binabasa mo itong libro. Malalaman mong hindi mo sila sabay na magagawa. Subali't matutuklasan mo na maaari kang patuloy na nagsasalita sa ibang wika habang patuloy na binabasa mo itong libro. Ang dahilan ay hindi mo ginagamit ang iyong pag-iisip upang magsalita ng ibang wika—ang bigkas ay nanggagaling sa iyong espiritu. Kaya habang ginagamit mo ang iyong espiritu upang manalangin, magagamit mo ang iyong pag-iisip upang bumasa at umintindi.

Ngayong Nabautismuhan Ka sa Espiritu Santo (Now That You Are Baptized in the Holy Spirit)

Pakaisipin ang pangunahing dahilan ng pagbibigay sa iyo ng Diyos ng bautismo sa Espiritu Santo—upang bigyan ka ng kapangyarihang maging patotoo Niya, sa pamamagitan ng manipestasyon ng bunga at kaloob ng espiritu (tingnan 1 Cor. 12:4-11; Gal. 5:22-23). Sa pamumuhay nang tulad ni Cristo at pagpapakita ng Kanyang pag-ibig, ligaya, at kapayapaan sa mundo, pati na ang pagpapakita ng wala-sa-mundong kaloob ng Espiritu, gagamitin ka ng Diyos upang hikayatin ang iba sa Kanya. Ang kakayahang magsalita ng ibang wika ay isa lamang sa mga “ilog ng buhay na tubig” na dapat dumaloy mula sa iyong puso.

Tandaan rin na ibinigay sa atin ng Diyos ang Espiritu Santo upang bigyan tayo ng kakayahang abutin ang *lahat* ng tao ng mundo sa pamamagitan ng magandang balita (tingnan ang Gawa 1:8). Kapag nagsasalita tayo sa ibang wika, dapat nating matanto na ang wikang sinasalita ay likas na wika ng liblib na tribu o banyagang bansa. Sa tuwing nananalangin tayo sa ibang wika, isipin natin na nais ng Diyos na marinig ng lahat ng taong nagsasalita ng lahat ng wika na marinig ang tungkol kay Jesus. Dapat nating tanungin ang Panginoon kung paano Niya tayo gustong isama sa pagtupad sa Dakilang Komisyon ni Jesus.

Ang pagsasalita sa ibang wika ay isang bagay na dapat nating gawin nang madalas. Si Pablo na isang espiritwal na tahanan ng kapangyarihan, ay nagsulat, “Pinasasalamat ko ang Diyos, at nakapagsasalita ako ng iba’t ibang wika higit sa inyong lahat” (1 Cor. 14:18). Isinulat niya ang mga salitang iyon sa isang iglesia na laging nagsasalita ng ibang wika (bagama’t kadalasang sa maling panahon). Samakatuwid, maaaring higit na madalas ang pagsasalita ni Pablo sa ibang wika upang gawin ang higit pa sa ginawa nila. Ang pananalangin sa ibang wika ay nakatutulong sa atin upang manatili sa Espiritu Santo, na nananahan sa atin, at tumutulong sa atin upang “manalangin nang walang hinto” na itinuro ni Pablo sa 1 Tesalonica 5:17.

Itinuro rin ni Pablo na ang pagsasalita sa ibang wika ay nagpapapuri sa mananampalataya (tingnan ang 1 Cor. 14:4). Ibig sabihin niyan na espiritwal na itinatayo tayo. Sa pananalangin sa ibang wika, maaari nating palakasin, bagama’t hindi natin lubos na

nauunawaan, ang ating panloob na katauhan. Ang pagsasalita sa ibang wika ay dapat magdulot ng araw-araw na pagpapayaman ng bawa't espiritwal na pamumuhay ng bawa't mananampalataya at hindi lamang isang bagsak na karanasan at ang simulang pagpuno ng Espiritu Santo.

Kapag nabautismuhan ka na sa Espiritu Santo, hinihikayat kita na maglaan ng panahon araw-araw sa pananalangin sa Diyos sa iyong bagong wika. Lubhang matutulungan nitong payamanin ang iyong espiritwal na buhay at paglago.

Mga Sagot sa Ilang Karaniwang Tanong (Answers to a Few Common Questions)

Lubos bang masasabi natin na lahat ng hindi nakapagsalita sa ibang wika ay hindi kailanman nabautismuhan sa Espiritu Santo? Ang personal na pananaw ko ay hindi.

Lagi kong hinihikayat ang mga tao na umasang magsalita sa ibang wika nang ipinanalangin ko silang mabautismuhan sa Espiritu Santo, at marahil ay 95% sa kanila ay nagsalita sa loob ng ilang segundo pagkapanalangin ko sa kanila. Aabot sa libu-libong katao sa lahat ng panahong iyon.

Bagama't kailanman ay hindi ko sasabihin na ang isang Cristianong nanalangin mabautismuhan sa Espiritu Santo at hindi nagsalita ng ibang wika ay hindi nabautismuhan sa Espiritu Santo, dahil ang pagkabautismo sa Espiritu ay tinananggap sa pamamagitan ng pananampalataya at ang pagsasalita sa ibang wika ay boluntaryo. Nguni't kung may pagkakataon ako, upang ipamahagi sa isang mananampalataya na nanalangin upang mabautismuhan sa Espiritu nguni't hindi kailanman nakapagsalita ng ibang wika, una kong ipinakikita sa taong iyon ang lahat ng berso sa Biblia tungkol sa paksa. Pagkatapos ay ipakikita ko rin kung paano isinulat ni Pablo na nasa kanya ang kontrol kung kailan siya magsasalita o hindi sa ibang wika. Tulad ni Pablo, nakapagsasalita ako sa ibang wika kung kailan ko gusto, kaya makakapagpasya ako, kung gusto ko, na hindi na kailanman magsasalitang muli sa ibang wika. Dahil diyan, maaari akong nabautismuhan sa Espiritu Santo at hindi kailanman nagsalita sa ibang wika noong una pa man sa hindi pakikipagtulungan sa bigkas ng Espiritu.

Kaya muli, kapag may pagkakataon ako na ibahagi sa isang Cristiano na nanalangin sa pananampalataya para sa pagbabautismo sa Espiritu Santo, nguni't kailanman ay hindi

nakapagsalita sa ibang wika, hindi ko sinasabi sa kanya (ni hindi ko pinaniniwalaan) na hindi siya nabautismuhan sa Espiritu Santo. Tapat kong ipinaliliwanag sa kanya na ang pagsasalita sa ibang wika ay hindi hiwalay sa atin na ginagawa ng Espiritu Santo. Ipinaliliwanag ko na ibinibigay ng Espiritu Santo ang bigkas, nguni't tayo ang gagawa ng pagsasalita, tulad ng pagsasalita sa sariling kilalang wika. Pagkatapos ay hihikayatin ko ang taong iyon na makipagtulungan sa Espiritu Santo at magsimulang magsalita ng ibang wika. Halos walang eksepsyon, lahat sa kanila ay nakapagsasalita.

Hindi Ba't Isinulat ni Pablo na Hindi Lahat ay Nagsasalita sa Ibang Wika? (Didn't Paul Write that Not All Speak with Tongues?)

Ang retorikal na tanong ni Pablo ay, “Lahat ay hindi nakapagsasalita sa ibang wika, hindi ba?” (1 Cor. 12:30) na ang malinaw na sagot ay “Hindi,” ay kailangang iayos sa kabuuan ng Bagong Tipan. Ang kanyang tanong ay makikita sa ilalim ng konteksto ng kanyang turo tungkol sa mga espiritwal na kaloob, na ipinapakita lamang kung kalooban ng Espiritu (tingnan ang 1 Cor. 12:11). Ispesipikong nagsusulat si Pablo tungkol sa espiritwal na kaloob ng “iba-ibang uri ng wika” (1 Cor. 12:10) na, ayon kay Pablo, ay kailangang samahan ng espiritwal na kaloob ng pagpapakahulugan ng mga wika. Ang partikular na kaloob na ito ay maaaring hindi ang ipinapakita ng mga taga-Corinto sa kanilang iglesia, dahil lantarang nagsasalita sila sa iba-ibang wika na walang interpretasyon. Dapat nating tanungin, *Bakit ipagkakaloob ng Espiritu Santo ang kaloob na pagsasalita ng ibang wika sa isang pangmadlang asemblea na hindi ito binibigyan ng kaloob na magpakahulugan?* Ang sagot ay ayaw Niya. Kung hindi, isinusulong ng Espiritu Santo ang isang bagay na hindi kalooban ng Diyos.

Marahil ay *nananalangin* nang malakas sa ibang wika ang mga taga-Corinto sa kanilang mga pagtitipon sa iglesia, nang walang pagpapakahulugan. Kung gayon, natututuhan natin na ang pagsasalita sa ibang wika ay may dalawang gamit. Ang isa ay pananalangin sa ibang wika, na sinabi ni Pablo na gawin sa pag-iisa. Ang gamit na iyan ng pagsasalita sa ibang wika hindi sinasamahan ng interpretasyon, tulad ng isinulat ni Pablo, “nananalangin nga ang aking espiritu, nguni't walang pakinabang ang aking pag-iisip” (1 Cor. 14:14).

Malinaw na hindi laging alam ni Pablo ang kanyang sinasabi kapag nagsasalita siya sa

ibang wika. Wala siyang pagkakaintindi; ni walang interpretasyon.

Subali't mayroon ding gamit ang pagsasalita sa ibang wika na para sa pangmadlang asemblea ng iglesia, na laging sinasamahan ng kaloob na pagbibigay ng interpretasyon ng mga wika. Nangyayari iyan kapag dinadala ng Espiritu Santo ang isang taong kalooban Niya, at ibinibigay sa kanya ang kaloob na iyan. Nagsasalita sa madla ang taong iyan, pagkatapos ay may ibinibigay na interpretasyon. Nguni't hindi ginagamit ng Diyos nang ganyan ang lahat. Kaya isinulat ni Pablo na hindi lahat ay nagsasalita sa ibang wika. Hindi lahat ay ginagamit ng Diyos sa biglang kusang kaloob na pagsasalita ng ibang wika, tulad ng hindi paggamit ng Diyos sa lahat sa pagbibigay ng kaloob na interpretasyon ng ibang wika. Iyan lamang ang tanging paraan upang itugma ang tanong na retorikal ni Pablo, "Lahat ay hindi nakapagsasalita sa ibang wika, hindi ba?" sa kabuuan ng itinuturo ng Biblia.

Nakakapagsalita ako sa ibang wika ano mang oras na gustuhin ko, na tulad ni Pablo. Kaya malinaw na si Pablo o ako ay magsasabi na sa tuwing magsasalita kami sa ibang wika ito ay "dahil sa kalooban lamang ng Espiritu." Ito ay dahil kalooban *namin*. Kaya anuman ginagawa naming kung kailan *naming* gusto ay *hindi maaaring* ang kaloob na pagsasalita ng ibang wika na nangyayari "kung kalooban ng Espiritu." Dagdag pa rito, si Pablo, tulad ko, ay nagsalita sa ibang wika sa kanyang pag-iisa nang hindi naiintindihan ang kanyang sinasabi, kaya iyan ay *hindi maaaring* ang kaloob na pagsasalita sa ibang wika na tinukoy niya sa 1 Corinto, na sabi niya ay laging sasamahan ng kaloob na interpretasyon ng ibang wika.

Sa mga pambihirang okasyon lamang ako nagsalita sa ibang wika sa isang pangmadlang asemblea. Iyan ay kapag nararamdaman ko lamang ang udyok ng Espiritu Santo na gawin ko iyon, bagama't kaya kong (tulad ng ginagawa ng mga taga-Corinto) manalangin nang malakas sa ibang wika kailan ko man gugustuhin sa iglesia nang walang interpretasyon. Kapag naramdaman ko ang udyok ng Espiritu Santo sa kaloob na iyan, laging may interpretasyon na nagbigay ng magandang halimbawa sa katawan.

Bilang pangwakas, kailangan nating itugma ang pagpapakahulugan sa Biblia. Ang mga nagpapalagay, dahil sa tanong na retorikal ni Pablo na matatagpuan sa 1 Corinto 12:30, na hindi lahat ng mananampalataya ay dapat magsalita ng ibang wika, ay nagwawalang-bahala sa maraming berso sa Biblia na hindi tumutugma sa kanilang interpretasyon. Dahil sa kamaliang ito, naipagkakait sa kanila ang isang dakilang pagpapala mula sa Diyos.

